

Unang Markahan Baitang 7

Supplemental Lesson Plan 1

Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao

Aralin 1: Kuwentong Bayan: Ang Pilosopo (Kuwentong Maranao)

A. PANIMULA

Pagpangkat-pangkatin ang klase sa apat. Mula sa bawat pangkat ay ipasulat sa bawat isa ang mga kababalaghan o mga di-kapani-paniwala (*supernatural*) na kanilang naranasan.

Mga Tanong: (pagkatapos maglahad ng lahat ng pangkat)

1. Mula sa mga impormasyong inilahad ng bawat pangkat, ano ang napansin ninyong pagkakaiba at pagkakapareho ng mga detalye?
2. Bakit mayroong mga hindi naniniwala sa mga ganoong pangyayari?

B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Ang mga kuwentong bayan o poklor ay mga kuwentong nagmula sa bawat pook na naglalahad ng katangi-tanging salaysay ng kanilang lugar. Kadalasang ito ay nagpapakita ng katutubong kulay (*local color*) tulad ng pagbabanggit ng mga bagay, lugar, hayop, o pangyayari na doon lamang nakikita o nangyayari. Masasalamain sa mga kuwentong bayan ang kultura ng bayan na pinagmulan nito.

Pakikinig: Babasahin sa klase ang akda habang ang mga mag-aaral ay sinusundan ng tingin ang pagbabasa sa kanilang mga kopya.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao.

Pamantayan sa Pagganap:

Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan
2. Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap
3. Nasusuri gamit ang *graphic organizer* ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong bayan
4. Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong bayan ay salamin ng tradisyon o kaugalian ng lugar na pinagmulan nito
5. Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa pagbibigay ng mga patunay

Ang Pilosopo

Noong unang panahon, may isang bayan na ang naninirahan ay mga taong sunud-sunuran na lamang dahil sa takot na masuway ang batas na umiiral sa nasabing bayan.

Isang araw, namamasyal ang kanilang pinunong si Abed sa mga kabahayan ng kanyang mga tauhan upang tiyakin kung sino sa kanyang mga tauhan ang mga naghihirap upang mabigyan ng pagkain.

Nang mapansin ni Subekat na lumilibot araw-araw si Abed upang mamigay ng pagkain sa mga naghihirap ay kaagad kumuha ng bato at isinalang sa kalan para mabigyan ng pagkain.

Nang marating ni Abed ang kubo, binati siya ni Subekat. Luminga-linga si Abed at nakita niya ang kaldero na may nilagang bato. Nung mapansin niya, sinabi ni Subekat na kunin kinaumagahan ang kanyang parte dahil may inilaan sa kanya.

Isang araw nagtipon ang mga tao upang magdasal ng dhubor (pantanghaling pagdarasal). Nang makatapos sila ay nagtanong si Abed kung sino ang wala sa kanyang mga tauhan. May nakapagsabi na si Subekat ang wala. Samantala, ipinaalam ni Abed sa mga tao na aalis sila para magsuri ng lupa dahil kakaunti na lamang ang lupa para sa susunod na henerasyon. Nang papaalis na sila, saka pa lamang dumating si Subekat na hindi sumali sa pagdarasal at sinabing sasama siya. Sinabi ni Abed na maaaring sumama si Subekat kahit na hindi niya siya nakita sa pagdarasal ngunit sa pag-alis nilang ito ay matatanto niya kung tunay ba na kasama si Subekat o hindi. Bago umalis ang pangkat, hinabilin ni Abed sa bawat isa na magdala ng bato na tamang-tama lang ang bigat sa kanila. Nagdala si Subekat ng batong sinlaki lang ng kanyang hinlalaking daliri.

Nang mapagod na sila sa walang humpay na paglalakbay, nagpahinga sila at naghugas upang magdasal. Hindi pa rin sumali si Subekat. Nang matapos ang pagdarasal, ipinag-utos ni Abed na buksan ang kanilang baon. Nang mabuksan na nila, naging tinapay ang lahat ng dala nilang bato. Si Subekat na ang dala ay sinlaki lamang ng hinlalaki ay nagutom dahil sa liit ng kanyang tinapay.

Nang paalis na naman sila, sinabi uli ni Abed sa bawat isa na magdala ng maliit lamang na bato. Sumunod lahat ang mga tao maliban kay Subekat na ang dinalang bato ay ang pinakamalaki dahil magiging tinapay raw ito. Nang dumating na sila sa pupuntahan nila, sinabi ni Abed na bawat isa sa kanila ay ihagis sa abot ng kanilang makakaya ang kanilang bato dahil ito na rin ang lawak ng lupang matatamo ng bawat isa. Samantalang, si Subekat na may pinakamalaking bato ay sinlaki lamang ng bilao ang nakuhang lupa dahil sa hindi niya kayang ihagis ang kanyang dalang bato. Doon lamang sa nahulugan ng bato ang kanyang makukuhang lupa. Nalungkot si Subekat sa kanyang makukuhang lupa. Nang makita ni Abed ang liit ng kanyang nakuhang lupa sinabi niya kay Subekat na hindi ito sumusunod sa mga patakaran. Sinabi pa sa kanya na dahil siya ay hindi marunong sumunod sa mga alintuntunin, wala siyang magandang kinabukasan.

Sipi mula sa Mga Piling Kuwentong Bayan ng Mga Maguindanaon at Maranao

Nina Nerissa Lozarito-Hufana, Ph.D.

Claribel Diaz-Bartolome, Ph.D.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

1. Luminga-linga – nagpalingon-lingon sa paligid
2. Matanto – malaman
3. Umiiral – nangingibabaw, nangyayari
4. Alituntunin – patakaran, dapat sundin
5. Hinabilin – pinagkatiwala

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing ito.

Gawain: Salungguhitan ang kasalungat na kahulugan ng salitang italisado sa loob ng pangungusap.

1. *Luminga-linga* ang magnanakaw kung may nakakita sa kanya habang may isang nakatutok lamang sa pagkakamasid sa kanya.
2. Kung gusto mong *matanto* ang mga nangyayari sa paligid, huwag mong hayaang maging mangmang ka.
3. *Umiiral* pa rin ang kabutihan sa bawat tao sa kabila ng unti-unti nang pagkawala ng magagandang kaugalian.
4. Bawat *alituntunin* ay ginawa para sa kapakanan ng tao na hindi lang para pagbawalan tayo kung hindi para malayo tayo sa kapahamakan.
5. *Ihabilin* mo ang mga dapat gawin sa iyong bunsong kapatid na maiiwan, delikado kung ipagwawalang bahala mo lang na maiiwan siya.

3. Kasanayang Panggramatika

Ang Pangatnig na Panlinaw

Sa pagpapahayag, mahalaga sa pagbuo ng kaisipan ay mapag-ugnay-ugnay ang mga ito. Kung kaya napakalaki ang ginagampanan ng pangatnig sa komunikasyong ito.

Maraming uri ng pangatnig. Isa na rito ang pangatnig na panlinaw. Ang pangatnig na panlinaw ay ginagamit sa pangungusap upang lalong bigyang-linaw ang mga nasabi na. Ito ay nagpapatibay ng mga ideya sa pangungusap.

Mga halimbawa:

sa halip	sa madaling sabi	samakatuwid
kung gayon	bagaman	lamang

4. Pagpapayaman

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing ito sa kuwaderno (indibiduwal).

A. Mga Tanong:

1. Ilarawan ang tagpuan o bayan ng kuwento. Ano ang katangian ng mga taong naninirahan dito?
2. Sino si Subekat? Ano ang pinagkaiba niya sa ibang mga naninirahan doon?

3. Ano ang suliraning kinaharap ng bayan?
4. Bakit isinama ni Abed si Subekat sa kanilang paglalakbay?
5. Ano-ano ang tuntuning sinabi ni Abed sa kanila sa kanilang paglalakbay?
6. Ano ang kinahantungan ng hindi pagsunod ni Subekat sa mga alituntunin?

B. Ibigay ang pagkakaiba at pagkakapareho ng tagpuan ng kuwento sa lugar sa Mindanao.

PAGKAKAIBA	PAGKAKAPAREHO
1.	1.
2.	2.
3.	3.

C. Gawain: Dugtungan ang mga parirala/pangungusap sa ibaba sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangatnig na panlinaw.

1. Si Subekat ay hindi marunong sumunod sa tuntunin...(sa madaling sabi) _____.
2. Inatasan sila ni Abed na magdala ng batong tamang-tama lang sa kanila na buhatin... (sa halip) _____.
3. Ang batas ay para sa ikabubuti ng lahat...(kung gayon) _____.
4. Maparaan sana si Subekat (lamang)... _____.
5. Walang mapapahamak kung marunong sumunod, (samakatuwid)... _____.

5. Pagpapalawig

Pagpangkat-pangkat ang klase sa apat na grupo. Hayaang bumuo ang mga mag-aaral ng isang pagsasadula tungkol sa kadalasang pagsuway ng mga kabataan sa panahon ngayon. Ilahad ang naidudulot ng pagsuway na ito.

C. KONGKLUSYON

Ipasaliksik sa mga mag-aaral ang mga *tourist destination* sa Mindanao. Mag-*download* ng mga larawan at mula sa mga larawan ay lumikha ng isang *poster* na mag-aanyaya sa mga mamamayan na puntahan ang nasabing lugar.

Takdang Aralin

Magpapasulat sa mga mag-aaral ng isang sanaysay na may paksang: "Ang mga Ipinagbabawal nina Inay at Itay." Ang sanaysay ay kinakailangang binubuo ng hindi kukulang sa limang pangungusap bawat talata, hindi kukulang sa tatlong talata, at ginamitan ng mga pangatnig na panlinaw. Salungguhitan ang mga pangatnig na panlinaw na ginamit sa mga talata.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

Rubrik sa Pagsulat ng Sanaysay

Kraytirya	1 – Hindi Nai-sakatuparan	2 – Nai-sakatuparan ngunit mas lamang ang mga pagkakamali	3 – Nai-sakatuparan ngunit may mga minimal na pagkakamali	4 – Naging mahusay at konsistent
Nasunod ang mga panuntunang inilahad ng guro.				
Natalakay nang may kaisahan ang ibinigay na paksa o tema.				
Nagamit ang kasanayan sa gramatikang pinag-aralan.				
Naging kawili-wili at nakaeengganyong basahin ang buong sulatin.				
Sumunod sa tamang gamit ng mga bantas, espasyo, ispeleng, at pagbuo ng talata.				
KABUUAN = (20 aytems)				

Unang Markahan Baitang 7

Supplemental Lesson Plan 2

Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao

Aralin 2: Pabula – Ang Mataba at Payat na Usa

A. PANIMULA

“Inggit”

Palawakin ang salitang “Inggit.” Maaaring magbahagi ng mga karanasan na may kaugnayan sa salitang inggit.

B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Ang pabula ay isang akdang pampanitikan na nasa anyo ng tuluyan. Isa itong salaysay o kuwento na ang mga tauhan ay mga hayop na nakakapagsalita, ngunit sa mas malalim na pakahulugan ng kuwento, ang mga hayop na ito ay nagsisilbing representasyon ng mga tao sa lipunan.

Basahin ang akdang ito sa klase, maaaring tumawag ng mga mag-aaral na magtutuloy sa pagbabasa.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao.

Pamantayan sa Pagganap:

Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nahihinuha ang kalalabasan ng mga pangyayari batay sa akdang napakinggan
2. Natutukoy at naipaliliwanag ang mahahahalagang kaisipan sa binasang akda
3. Naibabahagi ang sariling pananaw at saloobin sa pagiging karapat-dapat/di-karapat-dapat ng paggamit ng mga hayop bilang mga tauhan sa pabula
4. Naipahahayag nang pasulat ang damdamin at saloobin tungkol sa paggamit ng mga hayop bilang mga tauhang nagsasalita at kumikilos na parang tao o *vice versa*
5. Nagagamit ang mga ekspresyong naghahayag ng posibilidad (maaari, baka, at iba pa)

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

Ang Mataba at Payat na Usa

Noong unang panahon, may magkapatid na balo sa bayan ng Agamanyog. Sila ay sina Mapiya a Balowa at Marata a Balowa. Bawat isa sa kanila ay may anak na babae. Ang anak ni Mapiya a Balowa ay si Anak na Mararaya at ang anak naman ni Marata a Balowa ay si Anak na Marata.

Isang araw, pumunta si Mapiya a Balowa at ang kanyang anak sa kagubatan upang manguha ng mga ligaw na hayop para may makain. Mangunguha rin sila ng panggatong. Pinagpawisan sila nang marating ang kagubatan. Nadako sila malapit sa nakahigang usang ubod ng taba. Tinanong sila ng usa kung saan sila pupunta. Sinabi ni Mapiya a Balowa na naghahanap sila ng ligaw na hayop. Nang malaman ng usa na kailangan nila ng karne ng ligaw na hayop, nagmamakaawang sinabi nito sa mag-ina na sa kanyang katawan na lamang kumuha dahil mamamatay na rin siya. Nagtanong si Mapiya a Balowa kung bakit mamamatay ang usa na mataba naman ito. Sumagot ang usa na dahil sa katabaan, hindi nito makayanan ang kanyang katawan. Ngunit hindi rin ito mamamatay kung maingat ang mag-ina sa pagkuha ng karne sa kanyang katawan at hindi maaabot ang puso nito. Naiiyak sa awa ang mag-ina kaya nang magsimula na silang maghiwa sa katawan ng usa, naging sobrang ingat nila. Nang mapuno na ang kanilang lalagyan, nagpaikot-ikot ang usa sa lupa hanggang mawala ang sugat nito. Nagpasalamat ang usa sa mag-ina dahil nabawasan na rin ang kanyang taba at ito'y umalis na. Umuwi na sa bahay ang mag-ina. Ipinagbili nila ang nakuha nilang laman ng usa at dinala ang iba sa kanyang tiyahin na si Marata a Balowa. Subalit hindi ito tinanggap ni Marata a Balowa. Sa halip ipinabalik niya ito at ipinagmalaking magkakaroon din sila ng katulad noon.

Nagtanong si Marata a Balowa kung saan nila nakuha ang karne ng usa at ikinuwento naman ng anak sa tiyahin niya ang lahat.

Kinaumagahan, pumunta sa kagubatan si Marata a Balowa at ang kanyang anak. Pinagpawisan sila sa kalalakad at tumigil sila sa ilalim ng puno. Nagdududa na sila sa ikinuwento ng anak lalo na ang anak ni Marata a Balowa na si Marata. Matapos ang mahabang pagpapahinga, may nakita silang usang payat at mahinang-mahina na halos di na makalakad. Nang makita ito ni Marata, masayang-masaya niyang ibinalita sa kanyang ina. Nang makita ito ng kanyang ina, nanlumo ito dahil sa kapayatan ng usa. Ngunit binalewala ito ni Marata at sinabing papatayin pa rin nila ito at kukunin ang puso at atay. Nang marinig ng usang sinabi ni Marata, nagmakaawa ito at sinabi pa nitong ito'y masakitin at payat. Hindi ito pinakinggan ni Marata. Lumapit siya sa usa at hiniwa ito. Nagmamakaawa pa rin ang usa at sinabing huwag galawin ang kanyang puso at atay dahil ito ang magiging dahilan ng kanyang kamatayan. Patuloy sa paghiwa ang mag-ina hanggang sa nasugatan nila ang puso at atay ng usa. Nang maramdaman ng usa na unti-unti nga siyang pinapatay ng mag-ina, biglang tumayo ito at nagpagulong-gulong sa mga laman na tinanggal sa kanyang katawan. Nabuo na muli ang katawan ng usa na walang sugat.

Namatay ang mag-inang Marata a Balowa at Marata dahil sa ginawa nila sa di-pangkaraniwang usa.

Sipi mula sa Mga Piling Kuwentong Bayan ng Mga Maguindanaon at Maranao
Nina Nerissa Lozarito-Hufana, Ph.D.
Claribel Diaz-Bartolome, Ph.D.

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

(Nakapaloob sa gawain sa “Pagpapalawig” Pangkat 1)

3. Kasanayang Panggramatika

Ipabasa at pasagutan ang bawat pangungusap at salungguhitan ang salitang nagpapakita ng posibilidad. (*Oral Recitation*)

1. Puwedeng magkatotoo ang sinabi ng manghuhula.
2. Kung talagang ayaw mo, maaari namang bumili ka na lang ng bago.
3. Posibleng mapahamak tayo kung hindi tayo mag-iingat.
4. Baka siya ang mananalo sa laban.
5. Sana ay magkita ulit kayo ng iyong kaibigan.

Mga sagot: 1. Puwede
2. Kung
3. Posibleng
4. Baka
5. Sana

Pagtalakay: Talakayin sa klase ang mga sagot at ipaliwanag na ang mga sagot sa bawat pangungusap ay mga salitang nagpapahayag ng posibilidad. Maaaring magtanong pa sa mga mag-aaral ng alam nilang salita na nagpapahayag ng posibilidad at hayaang gamitin nila ito sa pangungusap.

4. Pagpapayaman

Magsagawa ng malayang talakayan sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na mga tanong:

1. Bakit nagpunta sina Mapiya a Balowa sa kagubatan?
2. Ano ang kanilang nakita sa kagubatan?
3. Bakit hindi nila pinatay ang nakita nilang matabang usa?
4. Anong di kapani-paniwalang pangyayari ang naganap sa pabula?
5. Bakit hindi tinanggap nina Marata a Balowa ang karne na ibinibigay nina Mapiya a Balowa?
6. Bakit hindi nagtagumpay na makakuha ng karne ang mag-inang Marata a Balowa?


5. Pagpapalawig

Ipagawa sa kuwaderno ang gawaing ito.

Panuto: Gamit ang *graphic organizer* sa kabilang pahina, ilarawan ang relasyon ng mga tauhan sa bawat isa. Isulat sa kahon ang ugnayan ng bawat isa.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com



Suriing mabuti ang larawan. Posible kaya na maging ganyan ang ating mundo sa kinabukasan? Ipaliwanag. Gamitin ang mga natutuhan sa gramatika, gumamit ng mga salitang nagpapakita ng posibilidad at salungguhitan ang mga ito.



matzenstage4.edublogs.org470 × 382

Pangkatang Gawain

- Pangkat 1** – Pumili ng limang malalalim na salita mula sa akda at bigyan ito ng kahulugan. Bumuo ng maikling diyalogo gamit ang limang salitang napili.
- Pangkat 2** – Muling isadula ang pabula sa paraang *shadow puppet*.
- Pangkat 3** – Gumawa ng isang *Talk Show* na kung saan ay maghaharap sina Mapiya a Balowa at Marata a Balowa, ihayag ang mga hinuha tungkol sa hindi magandang pakikitungo ni Marata a Balowa sa kanyang kapatid.
- Pangkat 4** – Bigyang depinisyon kung ano ang Pabula. Ano ang mga katangiang taglay ng isang pabula? Isa-isahin ang mga katangian ng pabula sa tekstong binasa.

C. KONGKLUSYON

Laganap sa kasalukuyan ang pang-aabuso sa mga hayop ng mga tao. Pumili ng isang hayop at sumulat ng isang monologo tungkol sa pang-aaping nararanasan ng napili mong hayop. Siguraduhing nasa unang persona ang salitang gagamitin sa iyong isusulat.

Takdang Aralin

Monologo

Unang Markahan Baitang 7

Supplemental Lesson Plan 3


Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao

Aralin 3: Epiko – Epiko ni Prinsipe Bantugan


A. PANIMULA

Pangkatang Gawain: Bawat pangkat ay aatasang iguhit sa cartolina ang paborito nilang *superhero*. Isang kinatawan mula sa pangkat ang magpapaliwanag ng kanilang ginawa.


Pangkat 1




Pangkat 2



Pangkat 3



Pangkat 4



B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Dugtungang Pagbabasa: Uumpisahan ang pagbasa ng unang talata at pagkatapos ay tatawag ng mga mag-aaral na magbabasa ng mga susunod na talata.

Ang epiko ay uri ng panitikan na tumatalakay sa mga kabayanihan at pakikipagtunggali ng isang tao o mga tao laban sa mga kaaway na halos hindi mapaniwalaan dahil may mga tagpuang makababalaghan at di-kapani-paniwala. Kuwento ito ng kabayanihan na punung-puno ng mga kagila-gilalas na mga pangyayari. Bawat pangkatin ng mga Pilipino ay may maipagmamalaking epiko.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao.

Pamantayan sa Pagganap:

Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo.

Mga Kasanayang Pampagkatuto

1. Naihahayag ang nakikitang mensahe ng napakinggang alamat
2. Naihahambing ang binasang alamat sa napanood na alamat ayon sa mga elemento nito
3. Nahihikayat na pahalagahan ang aral na nakapaloob sa binasang alamat
4. Naisusulat ang isang alamat sa anyong komiks
5. Nagagamit nang maayos ang mga pahayag sa paghahambing (higit/mas, di-gasino, at iba pa)

Prinsipe Bantugan
(Epiko ng Mindanao)
Ikatlong Salaysay ng Darangan

Si Prinsipe Bantugan ay kapatid ni Haring Madali ng Kaharian ng Bumbaran. Dahil sa kanyang katapangan, walang mangahas na makipagdigma sa Bumbaran. Bukod sa pagiging matapang ni Bantugan, siya pa rin ang naghahari at namamayani sa puso ng maraming mga kadalagahan. Dahil sa inggit sa kanya ng kanyang kapatid na si Haring Madali, ipinag-utos nito na walang makikipag-usap kay Bantugan at ang sinumang makikipag-usap sa kanya (Bantugan) ay parurusahan ng kamatayan.

Nang malaman ito ni Bantugan, siya ay labis na nagdamdam at dahil sa laki ng kanyang pagdaramdam, siya ay nangibang-bayan. Dahil sa matinding pagod sa paglalakbay kung saan-saan, si Bantugan ay nagkasakit hanggang sa siya ay abutin ng kamatayan sa pintuan ng palasyo ng kaharian ng lupaing nasa pagitan ng dalawang dagat.

Nang matagpuan siya ni Prinsipe Datimbang at ng kapatid nitong hari, sila ay nagulumihanan sapagkat hindi nila kilala si Bantugan. Tinawag ng magkapatid ang konseho upang isangguni kung ano ang kanilang dapat gawin. Habang sila ay nag-uusap, isang loro ang dumating sa bulwagan at sinabi sa kanilang siya ay galing sa Kaharian ng Bumbaran at ang bangkay ay ang mabunying Prinsipe Bantugan ng Bumbaran.

Nang magbalik ang loro sa Bumbaran ay ibinalita niya kay Haring Madali ang pagkamatay ni Bantugan. Kaagad lumipad sa langit si Haring Madali kasama ang isang kasangguni upang bawiin ang kaluluwa ni Bantugan. Samantala, dinala naman ni Prinsipe Datimbang ang bangkay ni Bantugan sa Bumbaran. Pagbalik ni Haring Madali ay pinilit niyang ibalik ang kaluluwa ni Bantugan. Nang muling mabuhay si Bantugan ay nagsaya ang lahat at nagbago si Haring Madali.

Nang mabalitaan ni Haring Miskoyaw, kaaway ni Haring Madali na si Bantugan ay namatay, lumusob si Haring Miskoyaw kasama ang marami niyang kawal sa Bumbaran. Dumating ang pangkat ni Miskoyaw sa Bumbaran na kasalukuyang nagdiriwang dahil sa pagkabuhay na muli ni Bantugan na hindi nalalaman ni Miskoyaw. Natigil ang pagdiriwang at ito ay napalitan ng paglalabanan.

Pumailanlang sa himpapawid si Bantugan at siya ay nakipaghamok sa mga kalaban. Dahil sa karamihan ng mga tauhan ni Miskoyaw at kagagaling lamang ni Bantugan sa kamatayan, siya ay nanghina hanggang sa mabihag ng kanyang mga kaaway. Siya ay iginapos subalit unti-unti ring nagbalik ang kanyang lakas nang makapagpahinga. Nalagot niya ang pagkakagapos sa kanya at muling lumaban. Dahil sa malaking galit sa mga kaaway, higit siyang naging malakas hanggang sa mapuksang lahat ang mga kalaban. Pagkatapos ng labanan ay dinalaw ni Bantugan ang palibot ng Kaharian ng Bumbaran at pinakasalang lahat ang kanyang mga katipan at sila ay dinala sa kanyang kaharian. Sinalubong sila ni Haring Madali nang buong katuwaan at muli, lahat ay nagdiwang. Nabuhay nang maligaya si Bantugan sa piling ng kanyang mga babaeng pinakasalan.

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Salungguhitan ang salitang nasa loob ng panaklong na hindi kabilang sa kahulugan ng salitang naka-italisado sa loob ng pangungusap.

1. Walang sinuman ang *nangahas* na makaaway si Bantugan. (sumubok, naglakas-loob, umatras)
2. *Isinangguni* nila sa Hari ang pagkamatay ni Bantugan. (Inilapit, Itinago, Ibinalita)
3. Pinakasalan ni Bantugan ang kanyang mga *katipan* sa wakas ng epiko. (karibal, kasintahan, nobya)
4. *Nakipaghamok* siya nang kagila-gilalas sa kanyang mga kaaway. (Nakipaglaban, Nakiusap, Nakipagtunggali)
5. *Pumailanlang* sa himpapawid si Bantugan. (Yumuko, Pumaibabaw, Lumipad)

Mga sagot:

1. Nangahas – Umatras
2. Isinangguni – Itinago
3. Katipan – Karibal
4. Nakipaghamok – Nakiusap
5. Pumailanlang – Yumuko

3. Kasanayang Panggramatika

Gramatika: Suriin ang mga salitang naka-italisado sa bawat pangungusap. Ano ang nagiging gamit ng mga salitang ito sa loob ng pangungusap?

1. *Dahil sa* kanyang katapangan, walang mangahas na makipagdigma sa Bumbaran.
2. *Dahil sa* laki ng kanyang pagdaramdam, siya ay nangibang-bayan.
3. Lumusob si Haring Miskoyaw sa Bumbaran *sapagkat* nabalitaan niyang namatay na si Bantugan.
4. Si Bantugan ay namatay *dulot* ng matinding gutom at kalungkutan.
5. Pinarusahan si Bantugan ng kanyang kapatid na si Haring Madali *epekto ng* matinding inggit.

Ang mga salitang dahil sa, dulot ng, sapagkat, epekto ng, bunga ng, dahilan sa, mangyari, at iba pa ay mga salitang pang-ugnay ng dalawang sugnay na nagpapakita ng relasyong sanhi at bunga.

Pangungusap	Sanhi	Pang-ugnay	Bunga
1	Kanyang katapangan	Dahil sa	Walang mangahas na makipagdigma sa Bumbaran
2	Laki ng kanyang pagdaramdam	Dahil sa	Siya ay nangibang-bayan

3	Nabalitaan niyang namatay si Bantugan	Sapagkat	Lumusob si Haring Miskoyaw sa Bumbaran
4	Matinding gutom at kalungkutan	Dulot ng	Si Bantugan ay namatay
5	Matinding inggit	Epekto ng	Pinarusahan si Bantugan ng kanyang kapatid na si Haring Madali

Gawain ng Mag-aaral: Sumulat ng limang pangungusap na nagpapakita ng relasyong sanhi at bunga. Salungguhitan ng isang beses ang sanhi at dalawang beses naman ang bunga. Bilugan ang ginamit na pang-ugnay.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Ibigay ang pagsubok na ito sa mga mag-aaral.

Panuto: Dugtungan ang pahayag A ng angkop na parirala o pangungusap upang mabuo ang diwa.

	Pahayag A	Pang-ugnay	Pahayag B
1.	Si Alex ang naging Top 1 ng klase	dahil sa	1.
2.	Bumaha sa buong Metro Manila	dulot ng	2.
3.	Ako ang napagbintangan	dahil sa	3.
4.	Mabuti akong tao	sapagkat	4.
5.	Mananalo ako sa timpalak	kasi	5.

4. Pagpapayaman

Magsagawa ng malayang talakayan sa klase gamit ang sumusunod na mga tanong:

Mga Tanong:

1. Ano-ano ang katangian ni Bantugan?
2. Bakit nakatakdang parusahan ng kamatayan si Bantugan?
3. Ano ang dahilan ng pag-alis ni Bantugan sa palasyo?
4. Paano muling nabuhay si Bantugan?
5. Isalaysay ang naging pakikipaglaban at tagumpay ni Bantugan kay Haring Miskoyaw.

5. Pagpapalawig

Magsagawa ng pangkatang gawain sa mga mag-aaral.

Pangkatang Gawain:

Pangkat 1: Gumuhit ng limang bagay na sumisimbolo sa katapangan.





Pangkat 2: Sumulat ng tatlong mga tauhan mula sa mga palabas na inyo nang napanood na maaari ninyong iugnay kay Bantugan.

Pangkat 3: Bumuo ng isang *script* mula sa salaysay ng Epiko ni Bantugan.

Pangkat 4: Gumawa ng sariling wakas ng Epiko ni Bantugan.

C. KONGKLUSYON

Gawain ng mag-aaral: Tukuyin kung ano ang ipinapakita ng larawan. Alamin kung ito ay sanhi o bunga. Kung ito ay sanhi, isulat kung ano ang maaaring maging bunga nito at kung ito naman ay bunga, isulat kung ano ang naging sanhi nito.

Larawan	Ano ang pinapahiwatig ng larawan?	Sanhi ba ito o bunga?	Ano ang maaaring maging sanhi/ bunga ng larawan?
			
			
			
			

Takdang ARALIN

Gamit ang ginawang iskrip ng Pangkat 3, isadula ang Epiko ni Bantugan sa klase. Maaaring gumamit ng *props* at mga kasuotan para sa mas malinaw na pagganap sa bawat tauhan.

Rubric sa Pagsasadula

Kraytirya	Di-Kasiya-siya 1	Di- Gaanong Mahusay 2	Mahusay 3	Napakahusay 4
Pagganap sa mga Karakter				
Paglalatap ng Musika				
Paggamit ng <i>props/set</i>				
Daloy ng Pagtatanghal				
Kabuuang Impak ng Pagtatanghal				
Kabuuan = 20 aytems				

Unang Markahan Baitang 7

Supplemental Lesson Plan 4

Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao

Aralin 4: Maikling Kuwento – Ang Kuwento ni Solampid

A. PANIMULA

Bilugan ang salitang nag-uugnay sa mga pangungusap na nagpapakita ng relasyong kondisyunal.

1. Mamamasyal tayo bukas kung matatapos mo ang *homework* mo.
2. Kapag nagsikap ka sa pag-aaral, magtatamo ka ng magandang buhay.
3. Maglalaro tayo sa labas sakaling payagan ako.
4. Kung mag-iisip ka ng negatibo, pasasakitin mo lang ang ulo mo.
5. Ililibre kita bukas kapag hindi mo ipagsasabi ang sikreto natin.

Pagganyak

Bakit madalas na naglalayas ang mga kabataan sa kasalukuyang panahon? Magbahagi ng ideya.

B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Ang maikling kuwento ay isang anyo ng tuluyang panitikan na may banghay na kinasasangkutan ng ilang mga tauhan at kadalasang umiikot sa isang suliranin.

Banghay na Maikling Kuwento

- I. SIMULA – paglalahad o paglalarawan sa tauhan, tagpuan o maaaring mailahad agad ang suliranin.
- II. SULIRANIN – ang nagsisilbing dugo ng bawat kuwento. Ito ang nagpapadaloy at nagbibigay ng interes sa istorya.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao.

Pamantayan sa Pagganap:

Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naisasalaysay ang buod ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan
2. Naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao
3. Natutukoy at naipaliliwanag ang kawastuan/kamalian ng pangungusap batay sa kahulugan ng isang tiyak na salita
4. Naisasalaysay nang maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari
5. Naisusulat ang buod ng binasang kuwento nang maayos at may kaisahan ang mga pangungusap
6. Nagagamit nang wasto ang mga retorikal na pang-ugnay na ginamit sa akda (kung, kapag, sakali, at iba pa)

- III. PAPTAAAS NA AKSYON – dito nagaganap ang paglalahad sa suliranin. Isinasaad ang mga nagiging reaksiyon o hakbang ng mga tauhan sa inilahad na suliranin.
- IV. KASUKDULAN – pinakamataas na bahagi ng kuwento. Masasabing dito sa bahaging ito ang pinakakapana-panabik na bahagi ng kuwento. May mga kuwentong ang kasukdulan ang nagiging wakas ng kuwento.
- V. PABABANG AKSYON – Dito makikita ang kakalasan. Sa kakalasan, sa mga kumbensyunal o tradisyonal na kuwento, madalas maglagay ng ganito ang mga manunulat. Dito binibigyang kasagutan ang suliraning inilahad sa kuwento. Maaaring masagot sa bahaging ito ang lahat ng tanong na nasa isip ng mga mambabasa.
- VI. WAKAS – Maaaring ang wakas ay masaya, malungkot, o nagbubukas sa iba pang ideya o tinatawag na *open-ended*.
Basahin at unawain ang mga teksto. Pipili ang guro ng mga mag-aaral na magdudugtungan sa pagbabasa.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Ang Kuwento ni Solampid

Noong unang panahon, may mag-asawang datu at ba'i sa Agamaniyog na may isang anak na babae na nagngangalang Solampid. Pinag-aral siya sa isang paaralan sa Antara a Langit na matatagpuan sa pagitan ng langit at lupa. Ipinadala siya upang mag-aral ng Banal na Qu'ran, hanggang sa umako siyang napakagandang dalaga. Naging guro niya si Somesen sa Alongan.

Hingi nagtagal, nagkasakit ang datu ng Agamaniyog. Malubha ang sakit nito at ipinaalam kay ni Solampid. Umuwi si Solampid at pinuntahan ang kanyang ama.

"Oh ama, ano ang nangyari sa'yo?" ang nag-aalalang tanong ng dalaga.

Sumagot sa kanya ang ama, "Mahal kong anak, malapit na yata akong mawala sa mundong ito. Gusto kong basahin mo sa akin ang Qu'ran bago ako mamatay at huwag mong kalilimutang mag-abuloy sa mga mahihirap o magbigay ng 'sadaka' sa aking pangalan."

"Oo, ama, ikinagagalak ko pong gawin lahat ng kahilingan mo," ang sagot ni Solampid. Umupo siya sa tabi ng amang maysakit at sinimulan niya ang pag-awit ng bawat bersikulo ng Qu'ran. Nang marinig ang kanyang boses, tumigil ang ihip ng hangin at ang mga dahon ay tumigil sa paggalaw. Pati na rin ang mga ibon ay tumigil sa paglipad upang makinig sa pag-awit ni Solampid. Pagkatapos na mabasa niya ang Qu'ran, namatay ang kanyang ama.

Tumangis nang malakas ang dalaga, "Nanalangin ang lahat sa kaisa-isa nating Panginoon! Oh ama, bakit mo kami iniwan sa mundong ito?" Umiiyak si Solampid patungo sa kanyang ina at niyakap ito. Umiiyak din ang lahat ng nasa bahay.

Inihanda ang datu para sa kanyang libing. Pagkatapos ng pagdadasal, inilibing ang datu sa Agamaniyog. Sumunod naman ang pang-araw-araw na dasal at pagkatapos, bumalik na si Solampid sa Antara a Langit.

Pagkatapos ng ikasandaang araw mula nang mamatay ang ama ni Solampid, bumalik na siya para sa isang kaugaling sinusunod ng kanyang ama.

Tinulungan ni Solampid ang kanyang ina sa paghahanda ng pagkain para sa mga bisita. Nang mga oras na iyon, nanonood sa kanya ang kanyang guro na si Somesen sa Alongan at inihulog niya ang isang sulat na may larawan niya para kay Solampid. Sinadya niyang ihulog ang mga ito sa harap ni Solampid.

Kinuha ng ba'ing Agamaniyog ang sulat na may larawan. Pumasok kagaad ito sa kanyang silid at itinago ang sulat. Bago niya itinago, tiningnan muna niya ang larawan ni Somesen sa Alongan at humanga siya sa kagandahang lalaki nito.

Abala naman si Solampid sa paghahanda ng pagkain para sa mga bisita at pagkatapos ay pinakain niya ang lahat ng mga naroroon.

Para sa alaala ng kanyang ama ang paghahandang ito.

Pagkatapos ng lahat, pumunta na si Solampid sa “lamin”, ang tore ng prinsesa upang matulog. Nanaginip siya na may isang matandang lalaki na pumunta sa kanya at nagsabing, “Solampid, hindi mo ba alam na si Somesen ay naghulog ng sulat at larawan para sa iyo ngunit kinuha ng inyong ina at doon itinago sa kanyang kahon? Gumising ka at buksan mo ang kahon at kunin mo ang sulat.” Gumising si Solampid at sinunod ang sinabi ng matanda. At natagpuan niya doon ang sulat at larawan. Binasa niya ang sulat. Para sa ina ni Solampid ang sulat at nagsasabing umiibig si Somesen sa Alongan kay Solampid at gusto rin niyang pakasalan ito. Sinunog ni Solampid ang sulat. Kinuha niya ang larawan at dali-dali siyang umalis ng bahay.

Nang dumating ang kanyang ina, kaagad namalayan niyang bukas ang kanyang kahon. Nalaman niyang wala na ang larawan at sulat. Alam din niya na walang ibang magbubukas ng kahon maliban sa kanyang anak. Pumunta siya sa “lamin” ngunit wala na si Solampid. Bumaba siya at nakita niya itong papalayo na sa “torongan”. Galit na galit ang ina ni Solampid. Kumuha ito ng kutsilyo at nagbalak na patayin si Solampid. Muntik na niyang maabutan ito ngunit tumalon ito sa ilog. Lumangoy siya hanggang sa makarating sa kabilang dako ng ilog. Lumakad siya nang lumakad hanggang sa makarating siya sa isang bahay na may dalawang matanda. Bingi ang isang matanda at bulag naman ang isa. Pumasok kaagad si Solampid sa bahay at nagtago. Dali-dali niyang isinara ang pinto. Maya-maya, dumating ang kanyang ina, hinanap si Solampid doon ngunit nabigo siya. Hindi niya nakita si Solampid kaya bumalik siya sa kanilang bahay.

Pagkaraan ng ilang araw, may tatlong magkakapatid na binatang dumating sa bahay na pinagtataguan ni Solampid. Nagtago si Solampid sa silid ngunit nakita rin siya. Nakinig ang magkakapatid sa kanyang kuwento at napagkasunduan nilang ituring siya na kanilang sariling kapatid. Dahil sa natuklasan din nilang may maganda itong boses, pinakiusapan ang kanila gurong si Rajah Indarapatra na tanggapin si Solampid na isa sa kanilang mga mag-aaral. Hindi nagtagal umibig si Rajah Indarapatra kay Solampid at pinakasalan ito.

Sipi mula sa Mga Piling Kuwentong Bayan ng Mga Maguindanaon at Maranao

Nina Nerissa Lozarito-Hufana, Ph.D.

Claribel Diaz-Bartolome, Ph.D.

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Oral na Pagsagot: Pasagutan sa mga mag-aaral ang talasalitaan. Punan ng angkop na mga salita ang bawat patlang sa mga pangungusap. Piliin sa loob ng panaklong ang angkop na salita.

(nakakalito, malubha, tumangis, nakakahiya, ikinagagalak)

- _____ ang sakit nito at ipinaliwanag ni Solampid.
- _____ nang malakas ang dalaga sa pagkamatay ng kanyang ama.
- “Oo, ama, _____ ko pong gawin lahat ng kahilingan mo.”

3. Kasanayang Panggramatika

Gamit ang mga salitang nag-uugnay, bumuo ng hinuha tungkol sa mga posibleng mangyari sa kuwentong binasa.

Pangungusap	Hinuha
1. Hindi sana mamamatay ang datu kung...	
2. Kung sakaling ipinakita ng ina ni Solampid ang liham mula kay Somesen...	
3. Kapag nahuli si Solampid ng kanyang ina sa kanyang ginawang pagtakas...	
4. Hindi sana si Rajah Indrapatra ang mapapangasawa ni Solampid kung...	

4. Pagpapayaman

Magsagawa ng malayang talakayan sa klase gamit ang sumusunod na mga katanungan.


Mga Tanong:

- Bakit maraming nabibighani sa anak ng datu ng Agamanyog?
- Ano ang pinakiusap gawin ng datu sa kanyang anak na gawin nito bago siya bawian ng buhay?
- Isalaysay ang naging pagtatagpo ni Solampid at Somesen.
- Sa inyong palagay, bakit itinago ng kanyang ina ang mga liham para sa kanya mula kay Somesen?
- Paano nalaman ni Solampid ang tungkol sa liham?
- Isalaysay ang naging pagtakas ni Solampid mula sa kanilang tahanan.
- Sino ang pinakasalan ni Solampid?

5. Pagpapalawig

Ipagawa sa isang buong papel ang *Story Pyramid* na nasa ibaba.

Sa pamamagitan ng *story pyramid*, ibuod ang kuwentong tinalakay.



C. KONGKLUSYON

Muling isalaysay ang kuwento sa pamamagitan ng *radio drama*. Isaalang-alang ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Maaaring gumamit ng mga makabuluhang tunog at musika na makatutulong sa malinaw na pagsasalaysay.

Takdang Aralin

Pagbuo ng *draft* ng maikling kuwento. Punan ng mga impormasyon ang bawat kahon upang makabuo ng *draft* sa kuwentong isusulat. Ilapat natin ito sa banghay ng maikling kuwento.

PAKSA: (Tungkol saan ang iyong kuwento?)

TAGPUAN: Saang lugar iikot ang iyong kuwento? Ano ang panahon na magaganap ang iyong kuwento?

MGA TAUHAN:

Sino ang pangunahing tauhan?

Sino-sino ang mahahalagang tauhan na kakailanganin sa istorya?

Isaalang-alang ang edad, hitsura, pananalita, at personalidad ng mga karakter na iyong bubuuin.

SULIRANIN: Ano ang problema sa kuwento? Bakit ito poproblemahin? Makatotohanan ba ang problema?

PAPATAAS NA KAWILIHAN: Paano ang magiging aksyon ng mga tauhan sa suliranin ng kuwento? Ano ang mangyayari sa mga tauhan dulot ng suliranin?

KASUKDULAN: Ano ang pinakamatinding puwedeng mangyari sa kuwento? Posible ba itong mangyari? Paano ito mangyayari?

KAKALASAN: (Opsyonal) Paano malulutas ang suliranin? Paano ito magagawa ng mga tauhan?

WAKAS: Paano matatapos ang kuwento? Ano ang damdaming gusto mong maiwan sa mambabasa pagkatapos ng iyong kuwento? Ganap na wakas ba ito o *open-ended*?

Unang Markahan Baitang 7

Supplemental Lesson Plan 5

Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao

Aralin 5: Dula

A. PANIMULA

Itatanong sa mag-aaral kung paano nila ilalarawan ang imahe ng Mindanao sa pamamagitan ng relihiyon na Islam. Paano nakikilala ang isang taga-Mindanao?

B. KATAWAN

Tatalakayin ang bahagi ng kasanayang pampanitikan:

1. Kasanayang Pampanitikan

Bibigyang pansin ang kaugnayan ng panitikan bilang salamin ng kultura. Makikita sa bawat panitikan ang kultura ng bawat tauhan, pook, at wikang ginagamit sa isang dula.

Magtatanong sa mga mag-aaral ng mga panitikang nabasa o napanood na kakikitaan ang kultura ng isang lipunan.

Halimbawa:

Ang paraan ng pagsamba o ritwal ng isang pangkat ng mga tao batay sa dulang napakinggan/ napanood.

Unang Pagbasa (Pangkatan – Pagsasagawa ng Dula-dulaan)

Hati-hatiin ang dula sa limang pangkat upang ito ay matalakay sa klase.

Pamantayang Pangnilalaman:

Ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao.

Pamantayan sa Pagganap:

Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nailalarawan ang paraan ng pagsamba o ritwal ng isang pangkat ng mga tao batay sa dulang napakinggan
2. Nasusuri ang pagkamatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan
3. Nagagamit sa sariling pangungusap ang mga salitang hiram
4. Nailalarawan ang mga gawa at kilos ng mga kalahok sa napanood na dulang panlansangan
5. Nakabubuo ng patalastas tungkol sa napanood na dula

Sanggunian:

Lim, Jaime An at Christine Godinez-Orteza, ed. 1996. *Mindanao Harvest: An Anthology of Contemporary Writing*. QC: New Day Publishing House.

Mutya ng Saging
ni Leoncio P. Deriada

Mga Tauhan: Philip Parker, 25, isang *peace corps* volunteer
Bondyong, 35
Igme, 28
Tura, 28
Temio, 18
Clarita, 17
Lolo Osting, 73
Lola Basyon, 70

Pook: Isang baryo sa Davao

Panahon: Ngayon

Unang Tagpo: Nag-iinuman sina Bondyong, Igme, Tura, at ang Amerikanong si Philip Parker. Sa gitna nila ay isang mahabang mesang may galon ng tuba at mga mumurahing baso. Si Philip at si Bondyong ay nakaupo sa isang bangko. Sa kabila naman ng mesa ay nakaupo si Igme at si Tura. Si Clarita ay nasa loob ng tindahan.

(Excerpt lamang)

Philip: Talagang maganda.

Temio: (dahan-dahang iinumang tuba sa baso) You speak very good Tagalog, Mr. Parker.

Philip: Thank You. Salamat. Call me Phil. You speak very good English, Temio.

Temio: Hindi naman. Matagal ka na ba rito? Have you been here long?

Philip: Three months.

Igme: Pero nag-aral siya ng Tagalog bago siya lumipat dito.

Temio: Nagtuturo ka ba sa community high school?

Philip: Yeah, on the side. I am doing a research.

Temio: Research on what?

Philip: Philippine culture.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Sasabihin sa mag-aaral na magtala ng mga salitang hiram mula sa dulang tinalakay at isulat ang kahulugan nito sa Filipino. Ihanay ito sa talahanayan.

Ingles	Bisaya	Filipino/Kahulugan
1.	tinuud	Tama/wasto
2.		
3.		
4		
5.		

Ipagagamit sa mga mag-aaral ang terminolohiyang hiram sa loob ng pangungusap.

3. Kasanayang Panggramatika

Talakayin sa klase ang kasanayang panggramatika.

Ang PATALASTAS ay isang anyo ng *media* na naglalayong hikayatin ang mga tao na bilhin o tangkilikin ang isang produkto o isang serbisyo. Mahalaga ang patalastas upang maging mulat ang lahat na ang isang produkto o serbisyo ay may kalidad. Kadalasang gumagamit ng *taglines* sa isang patalastas.

Ang pagpapatalastas o pag-aanunsiyo (Ingles: *advertising*) ay isang uri o anyo ng komunikasyon o pakikipagtalastasan para sa pagmemerkado o pagmamarket (*marketing*) at ginagamit upang mahikayat o mahimok ang mga madla (mga manonood, mga mambabasa, o mga tagapakinig; na kung minsan ay isang tiyak na pangkat) na magpatuloy o gumawa ng ilang bagong kilos. Sa pinaka karaniwan, ang inadhikang resulta ay ang maimpluwensiyahan ang ugali ng tagakonsumo o mamimili alinsunod sa isang alok na pangkalakalan (*commercial*) o kalakal, bagaman karaniwan din ang pagpapatalastas na pampolitika at pang-ideyolohiya. Sa wikang Latin, ang pariralang *ad vertere*, na pinaghanguan ng salitang Ingles na *advertising*, ay may kahulugang “ibaling ang isipan papunta sa isang bagay.” Maaaring maging layunin din ng pagpapatalastas ang paasahin ang mga empleyado at mga “kasalo” (mga *shareholder*) na matatag o matagumpay ang isang kompanya. Ang mga mensaheng pampatalastas ay karaniwang binabayaran ng mga isponsor at nakikita sa pamamagitan ng samu’t saring midyang tradisyonal (midyang nakaugalian); kabilang na ang midyang pangmasa na katulad ng pahayagan, magasin, patalastas sa telebisyon, patalastas sa radyo, patalastas na nasa labas ng gusali o panlasangan, o tuwirang pagpapadala sa pamamagitan ng koreo; o kaya sa pamamagitan ng bagong midya na katulad ng mga *blog*, mga *website*, o mga mensaheng teksto. (mula sa *Wikipedia*)

4. Pagpapayaman

Ipasasagot sa mga mag-aaral ang paglalarawan ng mga gawi at kilos ng mga tauhan sa dula.

Tauhan	Gawi/Kilos	Wikang Ginagamit	Paraan ng Pakikitungo sa Ibang Tauhan

5. Pagpapalawig

Tatanungin kung anong bahagi sa dula ang nagpapahayag ng katotohanan batay sa naging karanasan ng mga mag-aaral?

C. KONGKLUSYON

Iisa-isahin ang halaga ng patalastas sa isang dula, pelikula, teleserye, at ibang palabas.

Takdang Aralin

Magpapagawa ng patalastas tungkol sa napanood na dula sa klase. Humanda ang grupo na ipaliwanag sa klase kung bakit ito ang kanilang ginawa.

Rubrik sa Pagmamarka

(Maaaring baguhin)

1. Sining at Kaayusan	40%
2. Angkop na Salitang Gamit	10%
3. Nilalaman	30%
4. Paggamit ng Teknolohiya	20%

KABUUAN

100%